



Abiso sa Walang-Diskriminasyon - Ito ay Batas

Ang Hendrick Health ay tinukoy bilang lahat ng mga pasilidad na nauugnay sa Hendrick, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga ospital, mga departamento ng emerhensiya, mga sentro ng agarang pangangalaga, mga sentro ng pag-oopera para sa mga pasyente sa labas, mga departamento at sentro ng imaging para sa mga outpatient, kalusugan sa tahanan, hospice, mga karagdagang serbisyong pangkalusugan para sa outpatient, mga klinika sa kalusugan sa kanayunan, mga klinika na nakabatay sa provider ng ospital, mga klinika ng doktor, at mga serbisyong pangangalaga pagkatapos ng matinding karamdaman.

Sumusunod ang Hendrick Health sa mga naaangkop na batas sa karapatang sibil ng estado at pederal at hindi nandiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, katayuan sa pagkamamamayan, edad, kapansanan, o kasarian (*kabilang ang pagbubuntis, oryentasyong sekswal, katangian ng kasarian, at pagkakakilanlan ng kasarian*).

Hindi ibinubukod ng Hendrick Health ang mga tao, naiiba ang pakikitungo sa kanila o tinatanggi ang pangangalagang medikal dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, katayuan sa pagkamamamayan, edad, kapansanan, o kasarian (*kabilang ang pagbubuntis, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, at mga katangian ng kasarian*).

Abiso sa Aksesibilidad

Pansinin: Kung nagsasalita ka ng isang wika maliban sa Ingles, ang mga serbisyo ng tulong sa wika ay available para sa iyo nang walang bayad. Tumawag sa 1-325-670-3593. (TTY: 1-800-735-2989.) Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Departamento ng Pakikipag-ugnayan sa Pasyente sa 325-670-5557.

Nagbibigay ang Hendrick Health ng mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:

- Mga kwalipikadong interpreter; at
- Impormasyong nakasulat sa ibang mga wika.

Ang Hendrick Health ay nagbibigay ng mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan upang epektibong makipag-usap sa amin, tulad ng:

- Mga kwalipikadong interpreter ng sign language; at
- Nakasulat na impormasyon sa iba pang mga format (*malaking print, audio, naa-access na mga elektronikong format at iba pang mga format*).

Pinapayagan ng Hendrick Health ang mga hayop na nagbibigay serbisyo sa mga pasilidad alinsunod sa Ang Batas sa mga Amerikanong May Kapansanan (The Americans with Disabilities Act, ADA), at Patakaran sa Hayop sa Serbisyo ng Hendrick.

Kung naniniwala ka na nabigo ang Hendrick Health na ibigay ang mga serbisyong ito o may diskriminasyon sa ibang paraan batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, katayuan sa pagkamamamayan, edad, kapansanan, o kasarian (*kabilang ang pagbubuntis, oryentasyong sekswal, katangian ng kasarian, at pagkakakilanlan ng kasarian*), maaari kang maghain ng karaingan sa:

Tagapag-ugnay ng Mga Karapatan sa Sibil at Diskriminasyon

Hendrick Health | Departamento ng Pagsunod at Integridad
1900 Pine Street, Abilene, Texas 79601
Telepono: 325-670-3028 | Cell: 276-614-8804 | Fax: 325-670-3578
Email: compliance@hendrickhealth.org

Maaari kang maghain ng karaingan nang personal o sa pamamagitan ng koreo, fax o email. Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng karaingan, ang tagapag-ugnay namin ng mga karapatang sibil at diskriminasyon ay handang tumulong sa iyo. Maaari ka ring maghain ng reklamo sa karapatang sibil sa Departamento ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng US, Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng Portal ng Reklamo ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil, na available sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>, o sa pamamagitan ng koreo o telepono sa:

Departamento ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng US
200 Independence Avenue SW
Room 509F, HHH Building
Washington, DC 20201
1-800-368-1019, 800-537-7697 (TDD)
Available ang mga form ng reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.